



## Katuwang sa pag-unlad

Nakikipag-ugnayan ang MEPSEAS sa mga rehiyonal, pambansa at lokal na kaagapay na kumakatawan sa pamahalaan, industriya at non-government organizations (NGOs). Hinihikayat din ang malawakang pakikilahok ng mga kababaihan sa pamamagitan ng pakikiisa sa programa ng IMO hinggil sa *Integration of Women in Maritime Sector*.

“Ang pangangalaga at pagpapanatili sa mga karagatan at yamang-dagat para sa likas-kayang pag-unlad” ay ang pangunahing layunin ng *UN Sustainable Development Goals (SDG 14)*. Upang mapaigting ang pagsulong sa pagkamit nitong mahalagang layunin, humahalaw ang MEPSEAS sa mga kakayahan at kadalubhasaang nilinang sa panimulang proyekto.



## Mga Saklaw na Heograpikal



Halagang Gugugulin: US\$ 2 milyon

Saklaw na Panahon: Enero 2018 – Disyembre 2021

Donador: NORAD (Norwegian Agency for Development Cooperation)



Para sa mga karagdagang impormasyon, bisitahin ang:

[www.mepseas.imo.org](http://www.mepseas.imo.org)

**Makipag-ugnayan kina:**

Jose Matheickal  
[matheic@imo.org](mailto:matheic@imo.org)


Melanie Sgueglia  
[msguegli@imo.org](mailto:msguegli@imo.org)

[MEPSEAS@imo.org](mailto:MEPSEAS@imo.org)



# MEPSEAS

Proyekto para sa Proteksiyon ng Yamang Tubig ng Timog-Silangang Asya





### Pangunahing pangangailangan ngunit inaabusong kapaligiran

Ang Timog-Silangang Asya ay pinalilibutan ng mga karagatan. Dahil sa malawak nitong dalampasigan at halos 30% ng katubigan ng buong mundo ay rito matatagpuan, ang mga bansa sa ASEAN ay may mahalagang ambag sa kalagayan ng mga karagatan sa mundo.

Ang dalampasigan at ekosistemang pandagat nang nasabing rehiyon ay isa sa mga pinakamayaman at pinakaproduktibo sa mundo na may malawak na kahalagahang panlipunan at ekonomikal. Ngunit ang bunga nang pagdami ng mga gawaing may kaugnayan sa pag-aangkat ay patuloy na lumalawig at lumalago. **Malaki ang nakasalalay sa patuloy na pagyabong nang nasabing industriya.**



### Pagpapatibay ng proteksiyon – sa pamamagitan ng IMO

Sa pamamagitan ng proyekto hinggil sa MEPSEAS, tinutulungan ng IMO ang Timog-Silangang Asya sa pagbibigay ng kinakailangan nitong proteksiyon.

Tinutulungan din ng MEPSEAS ang mga bansang kaisa sa pagtugon sa mga mahahalagang suliranin sa karagatan na may kaugnayan sa mga barko at pag-aangkat - partikular na sa pagpapatupad sa apat na pangunahing internasyonal na kombensiyon ng IMO patungkol sa kalikasan.

Ang MEPSEAS, isang proyektong pinondohan ng NORAD (Norwegian Agency for Development Cooperation), ay lumilikha ng isang matagumpay na apat na taong (2013-2017) panimulang programang nakasentro sa pagkakaroon ng mga kombensiyong pinaprayoridad ng mga bansang kabilang sa nasabing proyekto.

Sa susunod na apat na taon, tututukan ng MEPSEAS ang pagpapatupad sa mga nasabing kombensiyon at patuloy na makikipagtulungan sa mga bansa upang:

- Lumikha ng mga kapasidad sa pagpapatupad ng mga pambansang batas at pamamaraan
- Magtatag ng *inter-agency national task force* upang linangin ang mga *national action plan* para sa pagpapatupad ng mga kombensiyon
- Lumikha ng mga pamamaraan sa pagpapatupad ng *flag State* at mga alituntunin hinggil sa pamamahala ng *port State*
- Paunlarin ang mga kaalaman sa pinakamahusay na kasanayan at teknikal na solusyon
- Sanayin ang mga tauhang haharap at magiging responsable sa pagpapatupad ng mga kombensiyon
- Pangunahan ang mga pamamaraan sa pagpapatupad ng mga kombensiyon sa lokal na antas
- Pagtibayin ang kooperasyon sa rehiyon at pagbabahagi ng impormasyon

### Mga Kombensiyong Sakop ng MEPSEAS:

Ballast Water  
Management  
Convention  
(BWM)

Anti-fouling Systems  
Convention  
(AFS)

Convention for the  
Prevention of Pollution  
from Ships  
(MARPOL)

London Protocol on  
Dumping of Wastes  
at Sea  
(London Protocol)